



Pagpapabuti ng Karanasan sa National Disability Insurance Scheme: Pagtataguyod ng Participant Service Guarantee (Garantiya ng Serbisyo sa Kalahok) at pagtanggali ng red tape sa batas

Tungkol sa dokumentong ito

Ang dokumentong ito ay buod ng mga Papel ng Talakayan (Discussion Paper) sa pakikipag-konsultasyon ng Pamahalaan ng Australya sa bagong NDIS Participant Service Guarantee (Garantiya ng Serbisyo ng NDIS sa Kalahok).

Ito ay dinisenyo upang makatulong sa mga taong gumagamit ng wika na iba pa sa Ingles upang maipahayag ang kanilang opinyon.

Ipinaliliwanag nito ang pangunahing mga ideya na gusto naming talakayin at naglalaman ng mga katanungan upang pag-isipan mo ang mga ideya na ito. Ito rin ay nagpapaliwanag kung paano ka makakalahok sa mga konsultasyon.

Ang buong Papel ng Talakayan at ang Madaling Basahing bersiyon, ay makukuha sa www.engage.dss.gov.au

Pagpapabuti pa ng NDIS

Ang National Disability Insurance Scheme (NDIS) ay isang paraan ng pagbibigay ng suporta sa mga taong may kapansanan sa Australya.

Ang scheme ay pinamamahalaan ng National Disability Insurance Agency (NDIA).

Nais tiyakin ng Pamahalaang Australya na ang mga taong gumagamit ng NDIS ay mayroong magandang karanasan.

Bubuuin nila ang Participant Service Guarantee (ang Garantiya) na magbabawas ng oras ng paghihintay at magpapabuti sa karanasan ng mga taong gumagamit ang NDIS.

Ang Garantiya ay bagong hanay ng mga patakaran na itatalaga sa ika-1 ng Hulyo, 2020.

Upang mapili ang dapat isama sa Garantiya, kailangan naming tingnan ang batas ng NDIS.

Kabilang dito ang *National Disability Insurance Scheme Act 2013* (*Batas ng Pambansang Iskema ng Seguro sa May-kapansanan 2013*) at ang *National Disability Insurance Scheme Rules* (*Mga Patakaran ng Pambansang Iskema ng Seguro sa May-kapansanan*).

Si Ginoong David Tune AO PSM, isang independiyenteng dalubhasa, ay itinalaga upang mamahala sa mga batas at patakaran na ito.

Isasaalang-alang niya ang anumang ipapahayag mo tungkol sa mga dapat isama sa Garantiya, at gagawa ng mga rekomendasyon sa Pamahalaan sa katapusan ng 2019.

Bakit natin kailangan ang Garantiya?

Sa susunod na 5 taon, mahigit na 500,000 na tao ang gagamit ng NDIS.

Sa kasalukuyan, ang NDIS ay tumutulong sa maraming taong may kapansanan upang makuha ang mga serbisyong kailangan nila.

Ngunit ang ilan ay hindi nakukuha ng kanilang mga kailangan.

At ang ilan naman ay nayayamot na.

Nagpahayag sa amin ang mga tao sa komunidad na gusto nila ng mas mahusay na serbisyo.

Ang mga taong nagsabi sa amin nito ay kinabibilangan ng:

- mga taong may kapansanan
- mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga
- tagapagtaguyod - mga taong nagtatanggol sa mga taong may kapansanan
- mga tagpagpaubaya (provider) ng serbisyo para sa may-kapansanan.

Ilan sa mga suliranin ay:

- Maaaring matagalan ang pagkuha ng planong NDIS.
- Para sa ilang mga tao, ang proseso ng pagpapalano ay mahirap gamitin at maunawaan.
- Maaaring mahirap makakuha ng taong susuri sa plano at gagawa ng mga pagbabago kung ikaw ay hindi nasiyahan sa mga ito.

Ang iba pang mga problema ng mga tao ay kinabibilangan ng:

- pagkuha ng mga serbisyo para sa mga bata
- pagkuha ng mahusay na pantulong (aid) o teknolohiya upang alalayan ka sa araw-araw na buhay - maaaring kasama dito ang mga bagay tulad ng wheelchair, screen reader o app

- paggawa ng mga pagbabago sa bahay upang maging mas madali para sa isang taong may kapansanan ang manirahan doon
- pagkakaroon ng mabuting lugar na matitirahan
- pagkuha ng iba pang mga serbisyo na kailangan ng turing (quote) o natatanging pag-apruba.

Ano ang kasama sa Garantiya?

Ang Garantiya ay gagawa ng mga bagong patakaran kung paano dapat gumana ang NDIS.

Halimbawa, maaari nitong sabihin kung gaano katagal makakakuha ng planong NDIS at masisimulan ang paggamit nito.

Ang Garantiya ay gagawing batas.

Nangangahulugan ito na dapat sundin ng NDIA ang mga patakaran na nakapaloob dito.

Ang Garantiya ay magsisimula sa ika-1 ng Hulyo, 2020.

Gusto naming malaman ang iyong palagay

Maaari mong sabihin sa amin kung ano sa tingin mo ang dapat nasa Garantiya.

Gusto naming malaman kung nagkaroon ka ng anumang problema sa NDIS.

Sa ganito ay malalaman namin kung anong problema ang kailangang ayusin.

May iba't ibang paraan para masabi mo sa amin ang iyong palagay.

Maaari kang:

- makilahok sa aming survey
- sumulat sa amin
- dumalo sa isang workshop.

Lahat ng impormasyon tungkol sa pakikibahagi ay nasa website na www.engage.dss.gov.au

Makikita mo ang impormasyon sa ilalim ng pamagat na 'NDIS Act Review and Participant Service Guarantee' ('Pagrepaso ng Batas NDIS at Garantiya ng Serbisyo sa Kalahok').

Ano ang gagawin sa survey?

Kung makikibahagi ka sa online na survey, kami ay may ilang katanungan para sa iyo.

Kung ikaw ay kalahok sa NDIS, itatanong namin:

- kung gaano katagal bago nakuha ng isang plano
- kung humiling ka ng mga pagbabago sa iyong plano at kung gaano katagal bago naisagawa ang mga pagbabago

- kung ano ang nadama mo tungkol sa mga desisyon na ginawa sa iyong plano
- kung nakatanggap ka ng sapat na impormasyon
- kung paano ipinaalam sa iyo ang mga desisyong ginawa.

Ang survey ay makukuha rin sa ibang mga wika bukod pa sa Ingles.

Maaari mong kumpletuhin ang survey sa website ng Engage mula sa kalagitnaan ng Setyembre. Kung nais mong ikuwento ang iyong karanasan sa NDIS, ang pagsagot sa survey ay makakatulong sa amin na maunawaan ito nang mas detalyado.

Petsa ng pagsasara

Kailangan mong kumpletuhin ang survey, sumulat sa amin o dumalo sa isang workshop bago ang ika-31 ng Oktubre, 2019.

Sino ang maaaring makibahagi?

Maaari kang makibahagi kung:

- ikaw ay kalahok sa NDIS
- ikaw ay nag-aplay para sa NDIS, ngunit ikaw ay hindi nakapasok
- nais mong gamitin ang NDIS sa hinaharap.

Maaari ka ring makibahagi kung ikaw ay:

- isang miyembro ng pamilya o tagapag-alaga
- isang tagataguyod
- isang tagapagpaubaya (provider) ng serbisyo
- isang taong nagtatrabaho para sa may kapansanan.

Hindi mo na kailangang magbahagi ang anumang personal na impormasyon upang makibahagi.

Ano sa tingin mo ang dapat nasa Garantiya?

Kasama sa Garantiya ang mga time limit na aasahan mong tagal ng paghihintay para sa ilang mga serbisyo.

Maaaring kasama dito kung gaano katagal ang aabutin upang:

- malaman kung maaari mong gamitin ang NDIS
- makakuha ng isang plano
- repasuhin ang isang desisyon na ginawa na.

Gusto naming malaman:

- kung gaano katagal dapat, sa tingin mo, ang mga timeframe
- kung paano dapat gumawa ang NDIA ng kanilang mga desisyon
- ano pa ang dapat ilagay sa Garantiya.

Mayroong ilang mga ideya at mga katanungan sa susunod na mga pahina upang matulungan kang mag-isip tungkol sa mga dapat ilagay sa Garantiya.

Maaari mong talakayin ang mga ito sa iyong pamilya, mga kaibigan, mga tagapag-alaga at mga miyembro ng inyong komunidad.

Nais naming marinig ang iyong mga sagot sa mga tanong, at ano pa mang sa tingin mo ay dapat nakalagay sa Garantiya.

Saklaw ng mga ideya at mga katanungan:

- kung ano dapat ang mahusay na mga serbisyo ng NDIA
- ang partikular na mga katanungan tungkol sa iyong mga karanasan sa NDIS.

Kung mayroon kang ilang sagot na nais mong ibahagi, maaari mong i-email sa amin o isulat ang mga ito.

Email: NDISConsultations@dss.gov.au

Address:

NDIS Consultations

Department of Social Services

GPO Box 9820

Canberra ACT 2601

Ano dapat sa tingin namin ang mahusay na serbisyo ng NDIA

Ang ilang ideya na maaaring isama sa Garantiya ay nakalista sa ibaba. Gusto naming malaman kung sa tingin mo ang mga ito ay mahahalagang mga bagay na dapat gawin ng NDIA, at kung may iba pang mahahalagang bagay na dapat naming isama sa Garantiya.

Napapanahon

Ang proseso ng NDIS ay madaling maunawaan at gamitin.

Nangangahulugan ito na ang NDIA ay makakagawa kaagad ng mga pagpapasya kapag ito ay:

- pinag-iisipan kung sino ang maaaring gumamit ng NDIS
- gumagawa ng mga plano
- gumagawa ng mga pagrepaso.

Nakaugnay

Pinaplano ng NDIA ang paraan ng pagtatrabaho nila sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa:

- mga taong may kapansanan
- mga pamilya
- mga tagapag-alaga at mga tagasuportang tao.

Dalubhasa

Ang mga kawani ng NDIA ay may mahusay na kasanayan.

Nauunawaan nila kung paano naapektuhan ng iba't ibang mga kapansanan ang buhay ng mga tao.

Nauunawaan nila kung anong mga suporta ang pinakamabisa para sa kapansanan ng bawat tao.

Konektado

Ang NDIA ay nakikipagtulungan sa:

- mga pamahalaan
- mga serbisyo sa kalusugan, edukasyon at katarungan
- mga grupo ng may kapansanan
- mga tagapagpaubaya (provider).

Ang mga serbisyong ito ay maayos na nagtutulungan.

Pinahahalagahan

Nararamdaman ng mga tao na sila ay pinahahalagahan at importante kapag sila ay nakikipag-ugnayan sa NDIS.

Alam nila kung saan kukuha ng karagdagang tulong kung kailangan nila nito.

Ang mga desisyon ay ginagawa ayon sa merito

Ang NDIA ay nagtatrabaho sa paraang malinaw at lantaran.

Nauunawaan ng mga tao kung bakit ginawa ng NDIA ang mga desisyon.

Madaling ma-access

Lahat ng may kapansanan ay nauunawaan at ginagamit ang NDIS.

Tinitiyak ng NDIS na lahat ay makakaramdam ng pagiging komportable at ligtas sa aming mga serbisyo.

Kabilang dito ang:

- mga Aborihinal at Torres Strait Islander
- mga tao mula sa iba't ibang kultura at pinagmulan
- mga taong LGBTQIA+.

Mga tanong na dapat pag-isipan

Narito ang ilang mga katanungan na maaari mong pag-isipan upang matulungan kang sumulat sa amin, makipag-usap sa amin, o mapunan ang survey.

1. Sang-ayon ka ba sa mga ideya kung paano dapat gumana ang NDIA?
 - Napapanahon
 - Nakaugnay
 - Dalubhasa
 - Konektado
 - Pinahahalagahan
 - Ang mga desisyon ay ginagawa ayon sa merito
 - Madaling ma-access.
2. Mayroon pa bang ibang bagay na sa tingin mo ay dapat gawin ng NDIA na maaari naming ilagay sa Garantiya?
3. Paano namin masusuri kung isinagawa nang mabuti ng NDIA ang mga bagay na ito?

Ang iyong karanasan sa NDIS

Gusto naming malaman kung ano ang iyong naging karanasan sa paggamit ng NDIS.

Gusto naming malaman kung paano ang bawat hakbang ng proseso para sa iyo.

Kabilang dito:

- nang mag-aplay ka
- nang malaman mo kung maaari mong gamitin ang NDIS o hindi
- ang pagbuo ng iyong planong NDIS
- ang paggamit ang iyong plano
- ang anumang mga pagrepaso na ginawa para sa iyo.

Gusto rin naming malaman kung ikaw ay nagparepaso ng anumang mga desisyon ng NDIA.

Maaaring nagawa mo ito dahil hindi ka sang-ayon sa isang desisyon na ginawa nila.

Mga tanong na maaaring pag-isipan

Narito ang ilan pang mga tanong na maaari mong pag-isipan upang matulungan kang sumulat sa amin, makipag-usap sa amin, o mapunan ang survey.

Pagsisimula - pag-aaplay para sa NDIS

4. Nahirapan ka ba sa pag-aaplay para sa NDIS?
5. Paano namin magagawa itong mas madali para sa iyo?
6. Binigyan ka ba ng NDIA ng sapat na impormasyon nang mag-aplay ka para sa NDIS?

7. Gaano katagal bago mo nalaman kung maaari mong gamitin ang NDIS?
8. Sa tingin mo, gaano katagal dapat ito?

Pagbuo ng iyong plano

9. Nahirapan ka bang bumuo ng iyong planong NDIS?
10. Paano namin magagawa itong madali para sa iyo?
11. Binigyan ka ba NDIA ng sapat na impormasyon nang ikaw ay bumubuo ng iyong plano?
12. Gaano katagal ang pagbuo ng iyong plano?
13. Sa tingin mo, gaano dapat ito katagal?
14. Kung ikaw ay may katagalan nang gumagamit ng NDIS, mas madali bang gumawa ng plano ngayon kaysa noong nagsimula ka?

Ang paggamit at pagrepaso ng iyong plano

15. Naging mahirap ba ang paggamit ng mga suporta sa iyong plano?
16. Paano namin magagawang mas madali ito para sa iyo?
17. Binigyan ka ba ng NDIA ng sapat na impormasyon tungkol sa paggamit ng iyong plano?
18. Nagkaroon ka ba ng problema nang nirepaso ang iyong plano?
19. Gaano katagal ginawa ang pagrepaso ng iyong plano?
20. Sa tingin mo, gaano dapat ito katagal?

Pagrepaso ng mga desisyon ng NDIA

21. Humiling ka ba na repasuhin ang isang desisyon ng NDIA?
Maaaring nagawa mo ito dahil ikaw ay hindi nasiyahan sa isang desisyon na ginawa nila.
22. Nang ginawa mo ito, nagkaroon ka ba ng problema?
23. Paano namin magagawang mas madali ito para sa iyo?

24. Gaano katagal ginawa ang pagrepaso?
25. Sa tingin mo, gaano dapat ito katagal?

Ang pagbabago ng batas tungkol sa NDIS

Gusto naming malaman kung ano sa tingin mo ang dapat naming baguhin tungkol sa batas ng NDIS.

Ang mga pagbabago sa batas ay magiging daan upang maging mas madali at mas mabilis na gamitin ang NDIS.

Ang batas ng NDIS at patakaran ay nagtutulungan.

May 33 mga patakaran.

Sakop ng mga patakaran:

- kung paano maging isang kalahok
- kung paano tinatrato ng NDIA ang mga bata
- kung paano maaaring gamitin ng mga kalahok ang kanilang plano at gastusin ang kanilang pondo.

Mga tanong na dapat pag-isipan

Narito ang ilang mga tanong na maaari mong pag-isipan upang matulungan kang sumulat sa amin, makipag-usap sa amin, o mapunan ang survey.

26. Anong mga pagbabago, sa tingin mo, ang dapat naming gawin sa mga batas at mga patakaran?
27. Sa tingin mo ba ay may mga bahagi sa batas at patakaran na:
 - hindi gumagana?
 - mas nagpapahirap pa sa mga tao?
28. Mayroon ba kaming mairadagdag sa batas upang gawing mas madali para sa mga tao ang paggamit ng NDIS?

29. Dapat ba naming gawing mas malinaw kung anong uri ng mga serbisyong suporta sa may kapansanan ang makukuha ng isang kalahok?

Paggawa ng mga pagbabago sa iyong plano

Ipinaalam sa amin ng mga kalahok at ng NDIA na ang paggawa ng mga pagbabago sa isang planong NDIS ay maaaring mahirap.

Halimbawa:

- kung babaguhin mo kung sino ang mamamahala sa iyong plano, dapat kang bumuo ng panibagong plano
- kung magdadagdag ka ng bagong uri ng suporta sa iyong plano, dapat ka ring bumuo ng panibagong plano.

Maaari naming baguhin ang batas ng NDIS upang mas madali kang makagawa ng maliliit na mga pagbabago sa iyong plano.

Ito ay tinatawag na pagsusog ng plano.

Mga tanong na dapat pag-isipan

Narito ang ilan pang mga tanong na maaari mong pag-isipan upang matulungan kang sumulat sa amin, makipag-usap sa amin, o mapunan ang survey.

30. Magugustuhan mo ba kung may mas mabilis at mas madaling paraan upang gumawa ng maliliit na mga pagbabago sa iyong plano kapag kailangan mo? Ito ay tinatawag na pagsusog ng plano.
31. Gaano katagal dapat, sa palagay mo, ang pagbabago ng iyong plano?
32. Gaano katagal ang dapat mayroon ka upang mabigyan mo kami ng patunay na kailangan mo ng mga pagbabago?
33. Mayroon pa bang ibang mga paraan upang magawa naming mas madali ang paggawa ng mga pagbabago sa iyong plano?

Salamat

Inaantabayanan naming malaman kung ano ang gustong ilagay ng mga tao sa Garantiya.

Umaasa kami na magagawa mong makisangkot.

Makipag-ugnayan sa amin

Email: NDISConsultations@dss.gov.au

Address:

NDIS Consultations

Department of Social Services

GPO Box 9820

Canberra ACT 2601

Website: www.engage.dss.gov.au

Mahamanap mo ang impormasyon sa ilalim ng pamagat na 'NDIS Act Review and Participant Service Guarantee' ('Pagrepaso ng Batas NDIS at Garantiya ng Serbisyo sa Kalahok').